



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 1

Enero 7, 2006

www.philippinerevolution.org

Editoryal

Kamtin ang mas malalaking tagumpay ngayong taon

Sa batayan ng mga makabuluhang pagsulong ni tong 2005 at nagdaang mga taon, nasa katayuan ang Partido, ang Bagong Hukbong Bayan, ang rebolusyonaryong kilusang masa at ang lumalawak na nagkakaisang prente para higit pang bumwelo at magkamit ng mga breyktru itong 2006 at mga darating pang taon.

Sa nagdaang taon at laluna sa huling kwarto, tumampok ang mga tagumpay sa larangan ng armadong pakikibaka bunsod ng pagbwelo ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa. Kaalinsabay nitto, nagkamit ng malaking tagumpay sa pagsusulong at pagpapalawak ng nagkakaisang prente sa pakikibaka para ibagsak ang bulok at brutal na papet na rehimeng Arroyo. May malalaking pagunlad rin sa pagkilos ng ligal na demokratikong kilusang masa. Kailangan na lamang nitong higit pang makabwelo hanggang kakayanin na ni-



tong ibagsak ang kinamumuhiang rehimeng Arroyo.

Sa taong ito, inaasahan nating makakamit ang mas malalaki pang tagumpay at breyktru sa iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Mahigpit ang panawagan ng

Partido sa buong kasapihan, sa hukbong bayan at sa buong rebolusyonaryong kilusan na sistematikong buuin ang mga pagbabalak at ubos-kayang mag-ambag upang sumulong nang malaki at mas mabilis ang rebolusyonaryong kilusan. Umiiral ang

Mga tampok sa isyung ito...

30 armas, nasamsam ng BHB sa Leyte

PAHINA 3

Tuloy ang pakikibaka sa Hacienda Luisita

PAHINA 6

Kampong maka-Arroyo, nabibiyak

PAHINA 8

mga kundisyon para sa malamang na pagsiklab ng pampolitikang sitwasyon sa darating na mga buwan. Kumilos tayo nang mabilis at sikaping isiksik sa susunod na ilang buwan ang ilang taon.

Dapat masagpang ang patuloy at mabilis na nahihihog na mga salik tungo sa pagbabagsak ng rehimeng Arroyo at pagtatayo ng kapalit na bagong gubyerno sa malapit na hinaharap. Dapat mulat na pagplanuhan, masiglang ipanawagan at kaagad isagawa ang mga hakbangin sa higit pang pagpapalawak at pagpapalakas ng nagkakaisang prenteng anti-Arroyo at pagpapakilos ng daandaan libo hanggang milyun-milyong mamayan sa lansangan. Nangangailangan ito ng ibayong rebolusyonaryong kasigasigan, pagsisikap at pagkamalikhain sa pagkukumbina ng mga isyung pampolitika at sosyo-ekonomiko at iba't ibang taktika sa malawakang ahitasyon, edukasyon at pagpapakilos sa masa para patalsikin ang rehimeng Arroyo.

Dapat pangibabawan ang maraming sagka na inilalatag ng rehimeng Arroyo sa tangka nitong linlangin

at bantaan ang masa at supilin ang kanilang kilusang protesta.

Dapat ding pangibabawan ang nililikhang takot at labanan ang sistematiskong pamamaslang at panunupil ng mamamatay-taong rehimeng Arroyo sa mga lider, aktibista at myembro ng ligal na demokratikong kilusan at sa malawak na base ng rebolusyonaryong kilusan.

Kaalinsabay nito, dapat panatilihin ang bwelo ng mga taktikal na opensiba. Tiyakin ang pagsamsam ng malaking bilang sandata. Ituon ang mga opensiba pangunahan sa mga yunit at elemento ng militar at pulisia na maka-Arroyo at sa mga pasista, pinakagrabeng lumalabag sa mga karapatang-tao at aktibong lumalaban sa rebolusyonaryong kilusan. Bigwasan ang mga pasistang haligi ng rehimeng Arroyo. Ibayong palakasin ang hukbong bayan at mga rebolusyonaryong pwersa.

Dapat pang paigtingin ang gawaing pampolitika at rebolusyonaryo sa loob ng pwersang militar at pulisia ng gubyerno upang mapayabong ang patriyotiko at demokratikong adhikain laluna sa hanay ng mga nakabababang upi-



syal at karaniwang sundalo. Sikapin nating makapagbuo ng antas-antas na alyansa sa mga elementong disgustado at anti-Arroyo, antipasista at naliliwanagan at kabigin ang mga progresibo at rebolusyonaryong elemento sa kanilang hanay.

Dapat ding makapagbuo ng mas tiyak at matatatag na kasunduan sa loob ng malawak at taktikal na mga alyansa sa komun na pagsisikap na ibagsak ang gubyernong Arroyo, pagtulungan ang pagtatatag ng patriyotiko at demokratikong gubyernong transisyunal na kapalit nito tungo sa pagkakamit ng tunay, makatarungan at pangmatagalang kapayaan.

Tungkulin ng lahat ng yunit ng Partido at rebolusyonaryong kilusang masa na balangkasin at isakongkreto ang mga ispesipikong plano alinsunod sa gayong mga diin at sa pangkalahang mga gabay na inilatag ng Komite Sentral sa pahayag nito sa ika-37 anibersaryo ng pagtatatag ng Partido.

AB

ANG Bayan

Taon XXXVII Blg. 1 Enero 7, 2006

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editorial

Kamtin ang mas malalaking tagumpay ngayong taon 1

Mas matitinding opensiba, ilulunsad sa Mindanao 3

Mga taktikal na opensiba

30 armas, nasamsam sa Leyte 4

Pulis, tinambangan sa Masbate 4

Militar, nalipol sa Cagayan 4

Armadong aksyon sa Mindanao 5

Pakikibaka sa Hacienda Luisita 6

Koalisyon maka-Arroyo, nabibitak 8

Gimik ni Arroyo sa Meralco 9

Paniniktik ni Bush, binatikos 10

Balita 12

Mas matitinding opensiba, ilulunsad ng BHB sa Mindanao

Asahan ang higit pang pagtindi ng mga taktikal na opensibang militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mindanao ngayong 2006. Ito ang idineklara ni Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao sa pagdiriwang ng ika-37 anibersaryo ng muling pagtatatag ng Partido na idinaos sa isang sonang gerilya. Dinaluhan ito ng may 2,000 mga kasapi ng Partido, Pulang mandirigma, mga aktibista at myembro ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa, mga mamamahayag at marami pang ibang kaibigan. Ipinagbunyi sa pagtitipon ang matatagumpay na taktikal na opensibang inilunsad laban sa mga armadong pwersa ng rehimeng US-Arroyo sa nagdaang taon.

Ayon kay Ka Oris, ang 182 taktikal na opensibang inilunsad ng BHB sa Mindanao ay mas marami nang 300% sa mga taktikal na opensiba sa isla noong 2004. Isandaan at apat (104) dito ay inilunsad sa huling kwarto ng taon. Nakasamsam ang BHB sa isla ng 210 iba't ibang kalibreng armas, 40% mas marami kaysa sa mahigit 150 sandatang nasamsam noong 2004. Nagneto ito ng karagdagang 196 armas.

Umaabot sa 185 ang mga mersenaryong tropang nalipol at 147 ang nasugatan sa mga taktikal na opensiba ng BHB. Samantala, 14 na Pulang mandirigma ang nagbuwis ng kanilang buhay, 18 ang nasugatan at siyam na gerilya ang nabihag ng reaksyunaryong kaaway.

Maraming nakamit na tagumpay sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa Mindanao bunga ng lawak at lalim ng baseng masa roon ng BHB. Ayon kay Ka Oris, mayroong 38 larangang gerilya sa Mindanao. Sumasaklaw ito sa 1,500 barangay sa 200 bayan. Sa kabuuang 25 prubinsyang kinikilusan ngayon, 18 nito ang may presensya ng BHB. Aniya, lumalawak ang pampulitikang impluwensiya ng armadong rebolusyonaryong kilusan. "Mahigit

daanlibo na ang nasasaklaw ng mga rebolusyonaryong organo ng kapanayarihang pampulitika at organisasyong masa sa antas ng bayan, baryo, komunidad at sityo, samantalang sa mga eryang pinapalawakan at binabawi, napapalawak pa natin ang pampulitikang impluwensiya at umaabot na ito hanggang sa kalunsuran at sentrong bayan." Kumikilos na rin ang mga armadong partisano ng BHB sa kalunsuran.

Sa larangan ng rebolusyonaryong agraryo, ipinahayag ng NDF-Mindanao na "sa pamamagitan ng mahigpit na pamumuno ng Partido, nasustini at napalawak pa ang antipyudal na kilusang masa sa gitna ng matinding pang-aatake ng kaway. Libu-libong masang magsasa-ka ang nagkamit ng mga benepisyrito, tulad ng pagpapataas ng sahog, pagpapababa ng upa sa lupa at gamit pansaka, pagpapababa sa usura, pagpapataas ng presyo ng kanilang produktong agrikultural at pagpapababa ng presyo ng mga bilihin. Kaugnay rin nito, nailunsad ang mga kampanya sa pagpapataas ng produksyon, sa serbisyon pangkalusugan, edukasyon at pangkulutrang pag-unlad, pagdepensa sa lupang ninuno, at sa rehabilitasyon



at pagtatanggol sa kalikasan. Nai-patupad rin ang rebolusyonaryong hustisa, kaayusan at kapayapaan, at napigilan ang paglaganap ng ipinagbawal na droga at ibang forma ng kriminalidad sa ating mga erya."

MRLO, itinatag. Sa kabilang tumitinding pasismo ng estado, patuloy na lumalawak at tumatataag ang nagkakaisang prente sa Mindanao habang nahihiwalay naman at humihina ang rehimeng US-Arroyo, ayon sa NDF. Naitatag din noong nagdaang taon ang Moro Resistance and Liberation Organization (MRLO) habang patuloy na pinalalakas ang pakikipagtulungan sa mga grupo at indibidwal sa hanay ng mamamayang Moro.

Iniulat naman ng Komisyon ng Mindanao ng Partido na lumaki ang kasapihan ng Partido sa buong isla. Palatandaan ito na patuloy na naka-pagpalawak at nakaugat ang Partido sa mga baryo, komunidad, empresa, eskwelahan, upisina at mga institusyon, at epektibong nakapamuno sa pagpapalakas ng armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan laban sa lahat ng reaksyon at laluna sa nahihiwalay na rehimeng US-Arroyo. AB



30 armas, nasamsam sa Leyte

TATLUMPONG armas ang nasamsam ng mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa reyd na walang-putok sa istasyon ng Philippine National Police (PNP) sa Albuera, Leyte noong gabi ng Enero 6. Nakumpiska ang 21 na M16 at siyam na .38 kalibreng pistola. Bukod rito, nakakumpiska rin ng isang *base radio* at mga *cellphone*.

Ginamit ng mga gerilya sa ilalim ng North Leyte Command ang pansamantalang pagkawala ng kuryente sa Albuera upang paligiran ang istasyon at kunin ang mga armas. Hindi na naka-panlaban ang mga pulis.

Mga pulis, tinambangan sa Masbate

LIMANG pulis ang napatay sa pananambang ng BHB sa Claveria, Masbate nitong Enero 6. Batay sa inisyal na ulat, sakay ng isang trak ang 10 elemento ng pinagsanib na mga pwersa ng Claveria Municipal Police Office at Regional Mobile Group (RMG) ng PNP. Pinaulanan sila ng bala matapos pasabugan ng *land mine* ang sinasakyan nilang trak bandang 10:30 ng umaga sa Sityo San Jose, mahigit isang kilometro mula sa sentro ng Claveria. Dalawang pulis ang nasugatan. Walong armas (isang kal .30 masinggan, dalawang M14, apat na M16 at isang 9 mm) ang nasamsam ng BHB.

Kaagad humingi ng paumanhin si Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, sa pagkadamay ng tatlong sibilyan at pagkasugat ng dalawa pa sa ambus. Handa ang

BHB na magbigay ng anumang ma-itutulong sa pamilya ng mga nadamay na sibilyan. Sinabi rin niyang ang insidente ay iimbestigahan ng kinaukulang kumand ng BHB.

Kasabay nito, kinundena ni Rosal ang PNP-RMG sa sadyang paglagay sa peligro sa buhay ng mga sibilyan. Ginamit ng mga pulis sa kanilang operasyong militar ang trak na dala ng mga sibilyang employado ng meyor. Ani Rosal, alam na alam ng mga pulis ang posibilidad na maganap ang armadong engkwentro dahil patungo sila sa Sityo San Jose matapos na makatanggap ng ulat na mayroon doong yunit ng BHB. Sa sitwasyong iyon, ang pag-angkas nila sa trak kasama ang mga sibilyan at paglalagay sa kanila sa peligro ay sadyang irresponsible.

AB

29 tropa ng militar, nalipol sa Isabela

Umabot sa 29 na tropa ng militar ang nalipol ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa dalawang magkasunod na taktikal na opensibang inilunsad nito noong Disyembre 16 sa Jones, Isabela. Kabilang sa mga napatay si Lieutenant Reyes ng 52nd Reconnaissance Coy ng Philippine Army.

Ayon sa ulat ni Ka Delio Baldon, tagapagsalita ng Benito Tesorio Command ng BHB sa Southern Cagayan Valley, may natanggap na impormasyon ang BHB noong Disyembre 15 mula sa lambat paniktik na papasok ang mga tropa ng kaaway sa mga baryo ng Jones. Tatambangan sana ng BHB ang pumasok na 25-kataong yunit ng Philippine Army pero nagbase ang naturang yunit sa mga bahay ng mga magsasaka sa Sityo Diarao

Surong, Barangay Dicamay Dos at hindi na umalis doon.


Ipinasya ng kumand ng BHB kinabukanan na palargahin ang tatto-kataong tim ng mga isnayper para birahin ang mga tropang militar. Samantala, mag-aabang naman ang kalakhang pwersa ng platon sa posibleng reimporment ng kaaway kapag

nabira na ang iba nilang tropa.

Sa tulong ng masa, napag-alaman ng mga isnayper na nakabase sa tatlong bahay ang kalakhan ng mga kaaway.

Pero ang ilan sa kanila ay nasa isang kamalig na walang tao. Nag-iinuman at nagsusugal ang mga ito habang ang iba ay nakahiga sa kanilang mga duyan.

Pumwesto ang tim ng mga isnayper sa isang burol na humigit-kumulang 250 metro ang layo mula sa kamalig na kinaroroongan ng mga pasistang militar. Bandang 12:30 ng hapon nang lumabas ang isang sundalo upang umihi. Matapos birahin ang umiihing sundalo, kinunsentrahan ng mga putok ng mga isnayper ang loob ng kamalig. Apat agad ang napatay sa opera-



Sundan sa "Isabela...," pahina 5



Pinakahuling mga armadong aksyon sa Mindanao

12 armas, nasamsam sa reyd sa Agusan del Sur. Labindalawang armas ang nasamsam sa reyd ng BHB sa himpilan ng pulisia sa munisipyo ng Loreto, Agusan del Sur noong Disyembre 21. Ayon sa ulat ni Ka Boyet Makatindog, tagapagsalita ng Front 34 Operational Command ng Agusan-Davao, pitong M16, tatlong M14, isang .45 at isang 9 mm ang naagaw ng mga Pulang mandirigma.

Bandang alas-2:30 ng hapon nang ang istasyon ng PNP ay salakayin ng mga Pulang mandirigma lulan ng apat na *van*. Sa sampung pulis na naabutan sa istasyon, na kinabibilangan ng mga elemento ng Regional Mobile Group at Loreto-PNP, tatlo lamang ang nagpasyang lumaban. Dalawang pulis ang napatay matapos

ang 10-minutong labanan. Bago umatras ang mga nagreyd, nilapat nila ng paunang lunas at tiniyak na nadala sa pagamutan ang isa pang pulis na nasugatan.

Espesyal na operasyon sa Tagum City. Isang espesyal na operasyon ang inilunsad ng mga operatiba ng Ka Paking Guimbaolibot Red Partisan Brigade noong Disyembre 20 laban sa Control Unit Command ng 404th Infantry Brigade ng Philippine Army na pinamumunuan ni Capt. Marcelo Quitiquit. Apat na sundalo ang napatay sa operasyong ito. Dalawang M16 ang naagaw ng mga partisano.

Kilala ang 404th Infantry Brigade sa matinding pang-aabusos sa karapatang-tao. Mahaba ang listahan ng mga krimen at kasalanan nito sa mamamayan ng Compostela

Valley at Davao Oriental, tulad ng pamamaslang, panonortyur, arbitraryong pang-aaresto at detensyon, harassment at pag-iistraping sa mga sibilyan.

Reyd sa protektor ng pasugalan. Limang armas naman ang nakumpiska ng BHB sa isang reyd sa bahay ni SP04 Rogelio Mier, isang notoryus na pulis sa Zamboangita, Malaybalay City, Bukidnon noong Disyembre 20. Nasamsam ang isang M16, isang 9 mm na pistola, isang .45, dalawang .22 kal. rifle, bukod pa sa isang *night vision telescope*, mga *bullet proof vest*, isang kamera, at sarising bala. Si Mier ay protektor ng sugalan at pinuno ng Delamance Group na nagsasagawa ng mga panloloob sa mga bahay at pananalbeyds sa lugar.

AB

"Isabela...," mula pahina 4
syong isnayping na ito, kabilang ang isang sарhento. Umalis ang mga isnayper ng BHB sa kanilang pwesto upang muling sumanib sa platun.

Nang marinig naman ng platun ng BHB ang putukan, agad itong pumusison sa hangganan ng Barangay Sta. Isabel at Barangay Dicamay Dos na di kalayuan sa lugar ng isnayping. Mataman nilang inabangan ang malamang na reimporment ng kaaway.

Kasasanib lamang ng tim ng mga isnayper sa kanilang platun nang makita ng mga gerilya sa teleskopyo ang pagdating ng mga tropa ng militar sa hangganan ng Sta. Isabel at Dicamay Dos. Nasa burol ang ibang kaaway—nakaupo at naglalargabista rin. Maagap na nag-ayos ng pusisyon ang platun ng BHB para sa isang tambang. Di naglaon ay nakita nilang bumaba

na ang mahigit 60 tropa ng 52nd Reconnaissance Coy mula sa burol.

Ang kalupaang kanilang kinalalagyan ay malawak na kulumpungan ng mga burol—na hawan na hawan maliban sa ilang maninipis na kumpol ng mga puno ng saging, ilang puno ng Gmelina at ilang mumunting kubo. Nagkober lamang ang mga Pulang mandirigma sa bunton ng mga lupa at maninipis na kumpol ng mga puno ng saging. Ang iba ay nakadapa sa maninipis na damuhan.

Bandang alas-2 ng hapon nang simulan nilang paputukan ang kaaway. Marami ang kaagad na napatay sa unang bugso ng mga putok. Kasama sa mga agarang namatay ang punong upisyal na si Lieutenant Reyes. Dahil kalbo ang kalupaan at matataas ang mga burol, hindi makatakbo paakyat ang mga sundalo upang umatras. Isa pa ay napakadulas ng mga burol dahil

ilang araw nang bumabagsak ang ulan. Kaya nagsiksik na lamang ang kaaway sa likod ng mga Gmelina o kaya'y napatay-patayan. Mula nang mabuwal ang kanilang kumander, naging disorganizado na ang paglaban ng mga sundalo.

Tumagal ang labanan ng hanggang alas-4 ng hapon. Bumaklas na ang platun ng BHB pagdating ng reimporment ng kaaway na nasa-sandatahan ng mga masinggan at mortar. Matapos nito'y nabilang ng mga magsasaka na 25 ang hinakot na mga bangkay ng kaaway.

Tulad ng dati, tinangkang pagtakpan ng kaaway ang kanilang kabiguan. Ayon kay Capt. George Domingo, tagapagsalita ng 502nd Brigade, anim lamang na tropa ng 52nd Reconnaissance Coy ang namatay at apat ang nasugatan sa Sta. Isabel. Hindi na niya binanggit ang nangyari sa Sityo Diarao Surong, Dicamay Dos.

AB

Tuloy ang pakikibaka sa Hacienda Luisita

Matapos makamit ang serye ng mga tagumpay, tuluy-tuloy na paglaban pa ang hinaharap ng mga manggagawa, magsasaka at manggagawang-bukid ng Hacienda Luisita upang matamo ang minimithing tunay na reforma sa lupa.

Sa nagdaang mahigit isang taon, kinatampukan ang pakikibaka sa Hacienda Luisita ng malupit na karahasan, matinding kahirapan at mabibigat na sakripisyo, kabilang ang pagbubuwis ng maraming buhay.

Pumapasok ngayon sa bagong makasaysayan yugto ang ilang dekada nang pakikibaka sa Hacienda Luisita. Matapos ang mahigit isang taong welga, nakipagkasundo ang Hacienda Luisita Inc. (HLI) noong Disyembre 8 na ibigay ang pangunahing mga kahilingan ng mga manggagawa at manggagawang-bukid (*tingnan ang kaugnay na artikulo*).

At bunga rin ng kanilang welga, natamo ng mga manggagawang-bukid sa asyenda ang malawakang suporta sa kanilang panawagang ibasura ang *stock distribution option* (SDO). Noong nakaraang Disyembre 20, pinagtibay ng Presidential Agrarian Reform Council (PARC) ang desisyong ibasura ang SDO. Batay sa desisyong ito, bibilhin ng gubierno ang 4,915 ektaryang lupaing saklaw ng Hacienda Luisita at ipaiilalim ito sa reforma sa lupa.

Obligadong gumawa ng gayong desisyon ang PARC sa harap ng di maitatatwang kahirapang dulot ng SDO. Mula pa 1989, ang SDO ay ginamit ng pamilyang Cojuangco para iwasang maipamahagi ang lupa. Namantine nila ang monopoloyong pag-aari sa lupa. Unti-unti nilang pinalayas ang mga magsasa-ka at manggagawa at bumaling sila

sa komersyal na gamit at ispekulasyon sa lupa.

Ang desisyon ng PARC ay ini-syal na tagumpay para sa mga magsasaka at manggagawang-bukid ng Hacienda Luisita.

Gayunpaman, malinaw na hindi pa tapos ang kanilang pakikibaka. Kakaharapin pa nila ang mga manobra ng pamilyang Cojuangco, ang pagtutol ng iba pang malalaking asenderong nagpatupad rin ng SDO at ang maraming sagka at butas sa pagpapatupad ng batas para sa reforma sa lupa.



Agad-agad ay kinwestyon ng HLI ang karapatan ng PARC na magpasya tungkol sa usapin. Anila, korte lamang ang may karapatan dito.

Samu't saring balakid at palusot ang iniimbento ng pamilyang Cojuangco upang hadlangan ang aktwal na pamamahagi ng lupa. Nakahapag ngayon sa korte ang apela at manobra ng pamilyang Cojuangco para mapawalambisa o malusutan ang desisyon ng PARC.

Ginagamit din ng HLI ang usa-pin ng reklasipikasyon ng lupa upang di masaklaw ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) ang hanggang 67% o 3,290 ektarya ng asyenda. Noon pang 1995, ipinadeklara na ng mga

Cojuangco ang mga lupain ng asyenda bilang komersyal at residenyal, kahit na mula pa 1988 ay ipinagbababa-

Mga martir ng Hacienda Luisita: Ang mga tagumpay sa Hacienda Luisita ay natamo sa pamamagitan ng puspusang pakikibaka at walang pag-iimbot na pagsasakripisyo. Habampahanong aalalahinan ng sambayanang Pilipino ang kanilang mga martir:

Jhavie Basilio, Jun David, Juancho Sanchez, Jesus Laza, Jimmy Pastidi, Adriano Caballero, Jessie Valdez

Ang sumusunod naman ay magkakasunod na pinaslang dahil sa kanilang pampolitikang paninindigan at kaugnayan sa welga:

Marcelino "Ka Marcing" Beltran, lider-magsasaka (Disyembre 8, 2004); Tarlac City Councilor Abelardo Ladera (Marso 3, 2005); Fr. William Tadena (March 13, 2005); Ben Concepcion, panrehiyong lider-magsasaka (Marso 17, 2005); Florante Collantes, lider ng Bayan Muna (Oktubre 15, 2005); Ricardo Ramos, presidente ng CATLU (Oktubre 25, 2005)

wal na sa batas ang pagbabago ng klasipikasyon ng lahat ng lupaing natatamnan ng tubo.

Sa katunayan, naibenta na ng mga Cojuangco ang 594 hektarya ng asyenda (sa halagang ₱2 milyon kada hektarya) bilang komersyal na lupain na bahagi ng mga dapat ipamahagi sa mga magsasaka. Ang 500 hektarya nito ay ginawang subdivisión ng Luisita Industrial Park at ang 94 hektarya ay binili ng Bases Conversion Development Authority para sa Subic-Clark Expressway. Sinisingil na ng mga magsasaka at manggagawa ang ₱321 milyong bahagi ng benta sa lupa na dapat napunta sa kanila katumbas ng sinasabing 33% bahagi nila sa mga sapi ng HLI ayon sa dating kasunduan sa SDO. Ang ibinigay lamang sa kanila ay ₱37 milyon na katumbas lamang ng 3% ng benta.

Sa pagtutol ng pamilyang Cojuangco sa desisyon ibasura ang SDO, makaaasa sila sa suporta ng iba pang malalaking asadero, laluna yaong katulad nilang nagpapatupad ng SDO upang iwasan ang pamamahagi ng lupa. Sa kasalukuyan, mayroong 13 asyenda na nakapailalim sa iskemang SDO. Pinakamalaki rito ang Hacienda Luisita. Napakalaki ng takot ng iba pang panginoong maylupa at kumprador na gamitin ng mga magsasaka sa iba pang asyenda ang mga tagumpay sa Hacienda Luisita upang maibasura rin ang kanilang mga bersyon ng SDO at maiguit din ang kanilang mga karapatan sa lupa. Sa ngayon pa lamang, pitong samahang magsasaka na sa Negros ang nagpahayag ng kagustuhang mapawalambisa rin ang iskemang SDO sa kani-kanilang mga asyenda.

Ang desisyon ng PARC na nagbabasura sa SDO ay maliit na unang hakbang pa lamang tungo sa pagkakmit ng hinahangad na tunay na reforma sa lupa. Isa sa pinakamalaking kakaharaping had-

Mga tagumpay ng welga sa HLI

Sa harap ng ilang ulit na matinding pandarahas ng pamilya Cojuangco-Aquino at ng rehimeng Arroyo, kahanga-hanga ang kamulatan, tapang at katatagang ipinamalas ng mga manggagawa at magsasaka ng Hacienda Luisita sa pagpupunyagi sa kanilang paglaban.

Noong nakaraang Disyembre 8, mahigit isang taon mula nang sumiklab ang welga, pinirmahan, sa piketlayn mismo, ang kasunduan sa pagitan ng United Luisita Workers' Union (ULWU), Central Azucarera de Tarlac Labor Union (CATLU) at maneydsment ng Hacienda Luisita, Inc. (HLI). Kasabay ng pirmahan ang pagbayad ng HLI ng mga iginigiit ng mga manggagawa na *back pay* (pagbabayad ng mga di pa nababayarang sahod) at iba pang nararapat nilang tanggaping benepisyo. Nagtapos ang welga sa araw na iyon.

Nagbunga ang pakikibaka ng mga manggagawa. Tagumpay nila at ng mga pamilya sa HLI ang sumusunod na nilalaman ng kasunduan:

1) Pagbabalik sa trabaho ng 34 na upisyal ng CATLU at 52 natitirang upisyal at myembro ng ULWU na sinesante. (Ika-35 sanang upisyal ng CATLU na dapat ibalik sa trabaho ay si Ricardo Ramos na pinaslang ng mga pasista noong Oktubre 25.) Ibinalik ang tinanggal na 37 sakada, na pawang kasapi ng ULWU, samantalang tatanggap ng *separation benefits* ang 15 permanenteng manggagawa at muli silang ieempleyo bilang pana-panahong manggagawang bukid. Mananatili ang unyon at ang 19 na upisyal ng ULWU ay makatatanggap ng regular na sweldo mula sa kumpanya habang gumagampan ng buong-panahong gawain sa unyon.

2) Pagbabayad ng HLI ng aabot sa ₱21 milyon sa mahigit 700 myembro ng CATLU. Kabilang sa halagang ito ang ₱15 pagtaas sa arawang sahod mula Hulyo 1, 2004 hanggang sa pagtatapos ng welga, ang *one-time signing bonus* na ₱13,000, Christmas *bonus* ngayong taon at iba pang mga benepisyo. Ang ULWU naman ay tatanggap ng ₱8.2 milyon na *back pay* at mga benepisyo para sa mahigit 5,000 manggagawang myembro nito.

3) Pagbibigay-karapatan sa ULWU na anihin at pakinabangan ang kasalukuyang tanim na tubo (*standing sugar cane crop*) na nagkakahalagang ₱30 milyon. Dagdag pa, tatanggap ang mga tsapter ng ULWU sa sampung barangay na bumubuo sa asyenda ng tig-₱200,000 bilang tulong pinansyal para sa iba't ibang gastos sa pagtatanim.

4) Pananatili ng karapatan ng mga manggagawa bilang mga *stockholder* (kabilang sa mga may-ari ng mga sapi) ng korporasyon. AB

lang ang CARL na pumapabor sa uring panginoong maylupa. Sa nagdaang dalawang dekada, ang CARL ay ginamit lamang upang linlangin ang masang magsasaka at ipagkait sa kanila ang lupang karapat-dapat na sa kanila.

Katulad ng ipinakita ng mga manggagawa, magsasaka at manggagawang-bukid sa Hacienda Lui-

sita, ang kanilang mga minimithi ay makakomit lamang sa pamamagitan ng pagkakaisa at samsamang pagkilos. Ang tagumpay nila sa Hacienda Luisita ay kailangang maging puhanan ng kilusang magbubukid sa buong kapuluan upang muling ibwelo ang pakikibaka para sa tunay na reforma sa lupa sa buong bansa. AB

Koalisyon maka-Arroyo, nabibiyak

Ang labis na pagkasugapa ni Gloria Arroyo sa kapangyarihan ay nagbubunsod di lamang ng lalo pang pagtindi ng kontradiksyon sa pagitan ng rehimeng Arroyo at ng sambayanan at ng kontradiksyon sa hanay ng mga naghaharing-uri, kundi maging ng kontradiksyon sa kampo mismo ng naghaharing pangkating Arroyo. Nagreresulta ito ngayon sa panibagong biyakan sa mismong kampo ni Arroyo.

Panibagong matinding dagok at malalim na lamat sa koalisyon maka-Arroyo ang idinudulot ngayon ng halos lantaran nang pag-atras ng suporta ni Fidel Ramos sa rehimeng Arroyo at ang "sikretong" pakikipagpulong at pakikipagkaisa na niya sa oposisyon para maibagsak si Arroyo.

Sina Ramos at Speaker Jose de Venecia ang humahawak ng mas malaking mayorya sa namumunong koalisyon sa Kongreso at sa likod ng rehimeng Arroyo—ang LAKAS-Christian Muslim Democrats (LAKAS-CMD). May mga tauhan din si Ramos sa mga susing pwesto sa gubyerno at sandatahang pwersa. Maging sa Consultative Commission on Charter Change (ConCom) na binuo ni Arroyo, kulang sa kalahati ang mga tauhan ni Ramos. May inaasahan at ihinahanda na rin siyang bahagi ng sandatahang lakas ng gubyerno na tatalikod sa rehimeng Arroyo. Malaon nang nababalita na may pinaplanong kudeta si Ramos laban kay Arroyo.

Hindi nawawala ang ambisyon ni Ramos na bumalik sa direktang paghawak o tumayong pwersa sa likod ng kapangyarihan. Sinagpang niya ang krisis sa paghahari ni Arroyo nang sabayang magbitiw noonong Hulyo 8, 2005 ang malaking bilang ng mga upisyal sa gabinete ni Arroyo—na mula noon ay tina-guriang Hyatt 10. Sinabayán ito noon ng panawagan nina dating presidente Corazon Aquino, Senate President at Liberal Party President Franklin Drilon at ng malalakaling negosyanteng kinakatawan ng Makati Business Club na magbitiw na

si Arroyo.

Ang pagpunta ni Ramos sa Malakanyang para "sumaklolo" kay Arroyo ay nagbigay ng pansamantalang ginhawa kay Arroyo na nag-aalalang huling oras na niya noon.

Kapalit ng kanyang suporta, nakuha ni Ramos ang konseksyon kusang pagbaba ni Arroyo sa kapangyarihan sa taong 2007 kaalinsabay ng pagbabago ng formula ng gubyerno tungong parlamentaryo upang biygang-daan ang eleksyong pam-parlamento at pagtatatag ng bagong pamahalaan. Pabor ang gayong formula kay Ramos, na nag-aambisyong maging *prime minister* o presidente ng bagong gubyerno.

Ngunit nang humupa ang kinakaharap niyang pampolitikang krisis, dagli ring isinaisantabi ni Arroyo ang konsesyon niya kay Ramos. Hindi natinag ang kasibaan at katigasan ni Arroyo na manatili sa poder hanggang 2010 at hanggat maaari'y lampas pa rito.

Naging malinaw ang ganitong plano ni Arroyo nang ipanukala ng mayorya ng kanyang hinirang sa ConCom ang "No-election" ("No-el") o ang pagkansela sa eleksyon sa 2007 at pagpapalawig hanggang 2010 sa termino ng lahat ng mga halal na upisyal mula sa presidente

pababa. Nagbukas din ang ConCom sa pagpapatuloy pa ni Arroyo sa poder lampas sa 2010 sa ilalim na ng sistemang parliamentary.


Matinding tinutulan ito ni Ramos. Tinawag niya itong "*monumental blunder*" (dambuhalang pagkakamali) at nagbigay siya ng ultimatum na kailangang may malinaw na deklarasyon na si Arroyo sa kanyang pusisyon tungkol dito pagdat-ing ng Enero 1.

Samantala, pinauna na ni Ramos ang pagkilos ng matatapat na tauhan niya sa pamumuno ng retiradong heneral at dati niyang AFP Chief of Staff at Department of Defense Secretary na si Fortunato Abat. Bagamat nag-mukhang katatawanan ang pagdeklara ni Abat

ng kanyang "transisyunal na gubyerno" kapalit ng paghahari ni Arroyo at panawagan sa mga sandatahang pwersa na talikuran na si Arroyo, senyales na ito ng paghantong na sa antagonismo ng hidwaan sa pagitan nina Ramos at Arroyo.

Minaliit at di pinansin ng Malakanyang ang ultimatum ni Ramos. Sa halip, panay ang paglabas ng Malakanyang ng mga parhayag na naniniwala silang lubusang sumusuporta pa rin si Ramos kay Arroyo.

Nang lumipas ang ultimatum at walang ipinakita si Arroyo na pagtinag mula sa pagpipilit nitong manatili hanggang 2010, nagsimulang kumilos si Ramos na lantaran nang



palayo kay Arroyo at papalapit sa mga oposisyunistang anti-Arroyo. Mahigit dalawang oras na nakipag-pulong si Ramos kina Franklin Drilon at dating Senate Minority Floor Leader Vicente Sotto III nitong Enero 2.

Bukod sa pagiging presidente ng Senado at Liberal Party, si Drilon din ang pinuno ng maka-Arroyong pakson ng kanyang partido at kilalang malapit kay Corazon Aquino. Si Sotto ay malapit kay Joseph Estrada at sa yumaong Fernando Poe Jr. Pinalalabas ni Estrada na hindi niya upisyal na kinatawan si Sotto, pero malinaw na kinakatawan ni Sotto ang mga pwersang maka-Estrada at maka-FPJ.

Kasabay ng pagdagdag ni Ramos ng presyur para bumigay pa rin si Arroyo sa mga napakasunduan nilang kondisyon, humahabol na siya upang sakyang oposisyon at ipwesto ang sarili sa bagong gubyernong ipapalit sa rehimeng Arroyo.

Pinatatawag ni Arroyo ang pulong ng mga pinuno ng LAKAS-CMD at mga kasanib na partido sa Enero 24 sa layuning makonsolida ito at mapagkaisa sa likod niya. Dadalo si Ramos dito bilang Chairman Emeritus ng partido. Pero ang dadalhin niya rito ay ang pagbatikos sa "Noel" at sa pagmamatigas ni Arroyo na manatili sa kapangyarihan. Ang pagkabig niya tungo sa oposisyon ng malaking bahagi ng LAKAS-CMD ay magdudulot ng malaking pagkabiyak sa pampolitikang koalisyon ni Arroyo.


Samantala, nababalita na rin ang dumadalas na pakikipag-usap at lumalakas ngayong rekrument ng oposisyon sa mas marami nang mga kasamahan ni Arroyo sa partido at koalisyon pulitikal at ang napipintong pagbibitiw ng mas marami pang myembro ng gabinete ni Arroyo.

Sa hanay ng reaksyunaryong sandatahang lakas, lumalakas ang demoralisasyon at pagkadisgustado

Pagkontrol sa Meralco, palabas ni Arroyo

Pinatampok ng Malakanyang nitong Disyembre ang usapin sa pag-aangkin at pagkokontrol na diumano ng gubyerno sa Meralco dahil sa di-mabaya-bayaring malaking atraso nito sa Napocor. Inilabas sa midya ang planong hawakan na ng gubyerno ang Meralco sa pamamagitan ng palitang *debt-for-equity* (sapi, kapalit ng utang) para sa mga umano'y di mabayarang utang ng Meralco sa Napocor. Mangangahulugan ito ng pag-angkin sa karagdagang 20% ng mga sapi ng kumpanya kapalit ng ₱42 bilyon utang nito sa Napocor. Ang Meralco ang pinakamalaking distribyutor ng kuryente sa

Sundan sa "Meralco...," pahina 10



di lamang ng mga ordinaryong sundalo at nakababatang upisyal, kundi ng ilang panggitna at mataas na upisyal-militar.

Ibinunyag nitong Enero 3 ni Col. Efren Daquil ng Philippine Air Force (PAF) ang iligal na pagtanggap ng matataas na upisyal ng PAF ng ₱45,000 bawat buwan bukod sa kanilang sweldo samantalang ₱240 lamang kada buwan ang alawans ng karaniwang mga sundalo. Inilantad rin ni Daquil ang pagkawala ng ₱30 milyong pondo ng PAF noong 2004. Ayon sa kanya, marami ring ligalig na elemento sa loob ng PAF.

Bago ito, tumakas sa bilangguan noong Disyembre 14 si Capt. Nicanor Faeldon, kabilang sa mga nakababatang upisyal na lumahok sa "pag-aalsang Oakwood" noong 2003. Tanda ng malawak na disgusto ng militar sa bulok na rehimeng Arroyo, malayang nakakaikot ngayon si Faeldon sa mga kampong militar at nakakahalubilo ang mga pangkaraniwang sundalo at kapwa niya nakababatang upisyal.

Ayon na rin sa kanyang parhayag nang siya'y tumakas, kikilos siya para maitatag ang isang mas kapani-paniwalang gubyernong

transisyon at mabigyang-daan ang mga batayang pagbabago para sa ikabubuti ng lipunang Pilipino.

Palatandaan ang mga ito na dumarami ang mga elemento sa loob ng militar at pulisia na kumikilos laban sa patuloy na paghahari ni Arroyo, naghahandang talikuran ang *chain of command* at tahasang labanan ang rehimeng pagdating ng panahon.

Bunga ng mga ito, lalong humihina, nahihiwalay at gumegewang ang papaliit nang pangkating Arroyo. Lumilitaw ang posibilidad na mabuo ang mas malawak pang koalisyon ng oposisyon para sa pagbabagsak ng naghaharing rehimen.

Kasabay nito ang patuloy na pagpapalawak at pagpapatatag ng hanay ng mga militante at progresibong organisasyon at iba pang pwersang anti-Arroyo upang matupad na ang pagbabagsak sa pekeng presidente sa loob ng taong ito. Nanawagan ang mga militante at progresibong organisasyon ng sunud-sunod na malalaking kilos protesta simula sa Enero 20. Napi-pintong magbunga ang mga ito ng panibagong unos sa unang kwarto ng 2006.

AB


Paninik tik ni Bush sa mamamayan, binatikos

Lalo pang tumindi ang galit ng mamamayang Amerikano kay US Pres. George Bush matapos niyang aminin na iniutos nya ang paninik tik sa mga pag-uusap sa telepono at pagsusulatan ng mamamayang Amerikano.

Arogante itong inako ni Bush sa pagdadahilang kailangan umano ito sa pangangalap ng impormasyon hinggil sa mga aktibidad ng mga "terorista" at pagtukoy sa iba pang posibleng "terorista." Ginagawa lamang diumano ito sa ngalan ng "pangangalaga ng seguridad" ng US at ng mamamayan.

Matatandaan na noong 2003, inimbento ni Bush at ng kanyang mga kasapakat ang kwentong may-roong *weapons of mass destruction*

(mga sandata para sa maramihang pamiminsala) si Saddam Hussein upang bigyang-katwiran ang pagsalakay sa Iraq. Ngayon, muling ginagamit ni Bush ang kas-inungalingang may balak na kumuha o gumawa ang mga "terorista" ng mga sandatang kemikal, biologikal, radyolohikal at nukleyar upang maghasik ng terorismo sa loob ng US. Ginaga-



Sundan sa "Bush...," pahina 11

"Meralco...," mula sa pahina 9
bansa.

Sa ngayon, umaabot sa 15% ng Meralco ang hawak ng gobyerno halbang 36% ang pagmamay-ari ng pamilyang Lopez. Kung matutuloy ang mungkahing *debt-for-equity*, at mapupunta sa gobyerno ang dagdag na 20% ng kumpanya, magiging halos kahalati ng mga sapi ng kumpanya ang mapupunta sa gobyerno.

Ayon sa rehimen, hindi binyaran ng Meralco ang ₱42 bilyong halaga ng elektrisidad na kinontrata nito sa Napocor mula Disyembre 2001 hanggang katapusang 2004. Kabayaran ito para sa 3,600 *megawatts* ng kuryente araw-araw na nakahandang isuplay ng Napocor sa Meralco. Hinihingi ng rehimen sa Meralco na ibigay ang buong kabyaran para rito, nakonsumo man o hindi ng Meralco, gayundin ang naipong interes mula rito. Hindi ito nakonsumo ng Meralco dahil direkta na itong kumukuha ng kuryente (bagamat sa mas mahal na singil) mula sa mga itinayo ng pamilyang Lopez na sariling mga planta para sa

paglikha ng kuryente—pangunahin na ang Quezon Power Philippines at ang First Gas Holdings Corp. Ang di pagkonsumo at di pagbabayad ng Meralco sa kuryenteng inilaan ng Napocor para sa Meralco ang idinadahilan ng Napocor kung bakit naobliga itong itaas ang singil sa kuryente at kung bakit din malaki ang pagkalugi nito.

Mariing itinatangi ng Meralco na may utang pa itong ₱42 bilyon sa Napocor. Ayon sa Meralco, naki-pagtawaran ito sa Energy Regulatory Commission (ERC) at nagkasundo sila nitong nakaraang Setyembre na ₱14.3 bilyon na lamang ang ituturing na sagutin ng Meralco sa Napocor na babayaran nito kapalit ng pagsusuplay ng Napocor ng kuryente sa Meralco sa loob ng tatlo pang taon. Pinatotohanan ni Rodolfo Albano, *chairman* ng ERC, na may ganito nga silang naabot na kasunduan ng Meralco.

Nagulat na lamang ang Malakan yang na mayroon palang ganoong kasunduan sa pagitan ng Meralco at ERC. Dahil dito, inistras ng rehi-

meng Arroyo ang usapin sa pag-aangkin at pagkokontrol ng gubyerno sa Meralco.

Sa kadulu-duluhang, lumilitaw na palabas lamang ng rehimeng Arroyo ang usapin tungkol sa pag-aangkin at pagkokontrol sa Meralco. Tinangka lamang ng rehimeng Arroyo na gamitin ang usapin ng malaking atraso ng Meralco at planong pag-aangkin at pagkokontrol ng gubyerno rito upang ipresur ang pamilyang Lopez at magpabango sa mata ng publiko na kunwa'y pinagmamasakitan ng rehimeng Arroyo. Nais lamang ng rehimen na ipitin ang pamilyang Lopez dahil sa natutunungan ng Malakanyang na sikretong pagsuporta nito sa mga pagkilos ng oposisyon para mapatalsik si Arroyo. Nitong nakaraang Nobyembre, naging hayagan na ang pagbabatikusan nina Arroyo at Eugenio Lopez III, ang tumatayong pinuno at kinatawan ng pamilyang Lopez.

(Tingnan din kaugnay nito ang editorial at ang artikulong "Garapal na pambabraso" sa Nobyembre 21, 2005 isyu ng Ang Bayan.)

AB

ong Democratic Party at malawak na mamamayan ng US ang aroganteng pagtatanggol ni Bush sa iligal na pang-eespiya sa mamamayang Amerikano. May gana pang mag-alit si Bush sa mga nagsiwalat sa lihim na pagmamanman ng mga ahensyang paniktik sa sarili nitong mamamayan. Nakaapekto diumano ito sa paglaban ng gubyerno ng US sa terorismo kaya't maaaring magdulot ito ng malaking pinsala sa bansa.

Iginigiit ng mga tagapagtanggol ng kalayaang sibil na habang pinahihintulutan ang paniniktik sa mga partikular na indibwal sa ilalim ng Foreign Intelligence Surveillance Act, kailangan muna ang mandamyento para rito mula sa mga korte. Bago rito, kailangan munang maiharap sa korte ang malinaw na ebidensya na ang titikikan ay isang ahente ng banyagang kapangyarihan. Ang paniniktik sa kommunikasyon ng mga indibidal na hindi dumaan sa gantong proseso at walang mandamyento ay itinuturing na krimen.

Ikinatwiran ni Bush na di nila kinailangang kumuha pa ng mandamyento ng korte tulad ng nakasaad sa batas dahil nakasalang na diumano ang kalayaan at seguridad ng buong bansa. Di ito sinasang-ayunan ng US Congress Research Service.

Isinagawa ang iligal na paniniktik sa ilalim ng National Security Agency sa pamamagitan ng mga *satellite*, elektronikong kagamitang paniktik at malalakas na kompyuter na kayang "makinig" sa mga usapan sa telefono at maghanap at magbasa ng mga kahina-hinalang mga sulat sa *internet*.

Karamihan sa mga binibiktima ng paniniktik na ito ay mga migrante at bisitang Muslim at kahit sinong may itsurang Arabo dahil sa lahatang pagsusupetsa ng rehimeng Bush sa mga kalahi nila.

Napakahaba na ng listahan ng pagyurak at mga paglabag ng rehimeng Bush sa mga kalayaang sibil ng mamamayan sa US. Sa pag-aangkin ng gubyerno ng US ng papel na "superpulis" ng daigdig, lansakan nitong niyuyukan ang pambansang soberanya, kalayaan at karapatang-tao ng mga mamamayan sa daigdig. Di rin kumikilala ang rehimeng Bush maging sa mga karapatan at kalayaang sibil ng mamamayan ng US.

Samantala, ang garapalang paglabag sa mga kalayaang sibil at karapatang-tao ng mamamayan sa US ay hindi na masikmura ng ibang sangay ng gubyerno at maging ng mis-mong partido ni Bush.

Tinanggihan ng US Senate ang paggigiit ni Bush na palawigin pa ang Patriot Act lampas sa 2005. Ang batas na ito ang siyang ginamit ni Bush na pangunahing instrumento para mabigyang-ligalidad ang lansakang pagsagasa sa mga kalayaang sibil at karapatang-tao ng mamamayan sa US at maging sa ibang bayan.

George Bush, bagsak sa sarbey sa US

Pinakama- * baba ang ranggo sa popularidad ni US Pres. George Bush kumpara sa mga pinakahuling sampung presidente ng US, batay sa sarbey kamakailan sa mamamayang Amerikano na isinagawa ng National Qualitative Center sa Chicago, US. Ayon sa sarbey, si Bush ang itinuturing na pinakamapandigma, pinakamasama sa usapin ng ekonyoma at pinakainutil na presidente ng US.

Sinasalamin ng iba pang bagong sarbey ang malawak na negatibong pagtingin kay Bush ng mamamayan sa US. Pangunahing tinutulan ng mamamayang Amerikano ang agresyon at okupasyon ng US sa Afghanistan at Iraq sa ngalan ng "gerang anti-terorismo," ang lansakang pagsisinungaling nina Bush para ikatwiran ang paglulunsad ng gera at ang dumaraming kaswalti ng US samantalang dinaman talaga naipagwawagi at di matapos-tapos ang gera.

Bunga ng mga ito, bumagsak sa pinakamababa—39%—ang "approval rating" (tantos ng pag-apruba) ni Bush nitong huling kwarto ng nakaraang taon.

Labis ang galit ng mamamayang Amerikano nang aminin kamakailan ng mga upisyal ng gubyernong Bush na hindi totoong mayroon sila noong impormasyon na ang gubyerno ni Saddam Hussein ay nag-iingat ng mga "weapons of mass destruction" na siyang ginamit ni Bush na katwiran sa paglusob sa Iraq.

Mahigit 2,200 na sundalong Amerikano na ang napapatay sa Iraq. Sa kabilang lumalawak na panawagan na pauwiin na ang mga sundalong Amerikano, iginiit ni Bush kamakailan na hindi dapat tanigan ang okupasyon ng US sa Iraq. Subalit walang nalinlang nang igit niyang "nagtatagumpay" ang mga tropang US doon.

AB

Mga Higaonon, lumaban sa kampanya ng AFP



PATULOY na nilalabanan ng mga minoryang Higaonon sa North-Central Mindanao ang kampanyang "kontra-insurhensya" na inilulunsad ng 8th IB ng Philippine Army sa ilalim ng pamumuno ni Col. Andre Colino, kasabwat si Gov. Oscar Moreno ng Misamis Oriental.

Ayon kay Kasamang Cesar Renerio, tagapagsalita ng NDF sa North-Central Mindanao, tiyak na mabibigo ang militar at lokal na reaksyunaryong gubyerno na kabigin ang puso't isipan ng mga minorya dahil sa paglalapastangan ng mga ito sa mga tradisyon at kultura ng mga Higaonon. Tahasan ding binabalewala ng gubyerno at militar ang matagal nang mga hinaing ng mga minorya, kabilang ang pagtataboy sa kanila mula sa mga tinitirhan at sinasaka nila sa kapatagan na inagaw ng malalaking korporasyon at panginoong maylupa. Ang masang Higaonon ay napipilitan na ngayong mamuhay sa kabundukan.

Ngayon naman, nakaamba na muling agawin ng mga lokal at dayuhang korporasyong panturista ang mga lupang ninuno na inatrasan ng mga nataboy na Higaonon sa bulubunduking barangay ng Lantad sa Claveria, na bakal ibaling ng gubyerno para sa mga proyektong panturismo.

Bilang pakonswelo-de-bobo sa mga Higaonong maaagawan ng lupa, pinagawan ni Governor Moreno ng mga palikuran ang taumbaryo at pinasementuhan ang kalsada patungong Lantad.

Dahil sa tahasang pagbabalewala ng reaksyunaryong gubyerno sa karapatan sa lupang ninuno at pagpapasyasa-sarili ng mga pambansang minorya, lalong sumisigla at humihigpit ang paglahok at iba't ibang anyo ng pagtulong ng mga Higaonon sa Partido at sa Bagong Hukbong Bayan sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan.

Kabilang dito ang mga inisyatiba ng masang Higaonon sa paglulunsad ng mga agaw-armas mula sa mga sandatahang pwersa ng reaksyunaryong gubyerno. Isang M16 ang inagaw ng isang kasapi ng milisyang bayan mula sa isang sundalo ng 8th IB noong Oktubre 10 sa Sityo Tapol, Barangay Kibanban sa bulubunduking bayan ng Ballingasag. Simbilis ng lawin na dinagit ng isang Higaonon ang ripleng isinandal ng sundalo sa dingding nang makipag-inuman siya. Nitong nakaraang Disyembre 18, nang-agaw na naman ng dalawang M16 mula sa 8th IB sa Barangay Lantad ang isa pang Higaonon na myembro ng milisyang bayan. Dahil sa kahiiyan, itinago ng 8th IB ang mga incidenteng ito sa midya.

"Coalition of the willing," kumikitid

PATULOY na lumiliit ang bilang ng mga bansang nagmamantine pa ng mga tropa para makasabwat ng US sa patuloy na agresyon at okupasyon sa Iraq sa ngalan ng "gerang anti-terorismo." Sa pagpapauwi ng bagong gubyerno ng The Netherlands sa 1,350 sundalo nito sa kalagitnaan ng nakaraang taon, 12 bayan na ang nag-atas ng mga pwersa nila mula sa "Coalition of the Willing" na kinabibilangan ng mga gubyerno ng ibang bayan na kinasabwat ng US laban sa Iraq. Nagsimula ang "koalisyon" sa 38 kalahok na bayan sa kasagsagan ng pananalakay ng US at UK sa Iraq noong Marso 2003.

Nagbabalak din ang iba pang myembro ng "koalisyon" na pauwiin o kaltasan ang kanilang pwersang panseguridad sa taong ito. Katulong ng 155,000 tropang US na pangunahing nagmamantine ng okupasyong militar sa Iraq, may 20,000 tropang natitira pa sa Iraq ang iba pang myembro ng "koalisyon." Ang tatlong bayang may pinakamalalaking pwersa sa Iraq bukod sa US at UK ay nagbabalak na ring pauwiin ang kanilang mga tropa sa 2006, kabilang ang South Korea (3,200); Italy (2,900); at Poland (1,500). Maging ang UK, pangunahing kaalyado ng US sa agresyon laban sa Iraq at may 8,500 tropa roon, ay nagbabalak na ring pauwiin na ang mga tropa nila mula sa Iraq sa taong ito.

Magiit din ang nakararaming mamamayan sa Japan na pauwiin na ang mga tropang Hapon. Sa isang sarbey, tatlo sa apat na Japanese ang nagsabing dapat nang pauwiin ang 600 na tropa nila sa kalagitnaan ng taong ito.

Ang papaliit na bilang ng tropang pinanatili sa Iraq ng iba pang myembro ng "koalisyon" ay nagpapakita ng humihinang suporta sa gerang agresyon ng US maging mula sa mga pinakamalalapit na kaalyadong gubyerno nito. Lalong nayayanig ang suportang ito dulot ng patuloy na bulnerabilidad at maraming pagkatalo ng mga pwersang mapanakop sa harap ng mga atake ng mga patriyotikong rebeldeng Iraqi. Bukod sa mahigit 2,200 sundalo ng US na namatay, may mahigit 20,000 pang pwersa ng US na nasugatan. Mga 200 tropa naman ang napataky mula sa pwersa ng iba pang myembro ng "koalisyon."



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 1

Enero 7, 2006

www.philippinerevolution.org

Editoryal

Kamtin ang mas malalaking tagumpay ngayong taon

Sa batayan ng mga makabuluhang pagsulong ni tong 2005 at nagdaang mga taon, nasa katayuan ang Partido, ang Bagong Hukbong Bayan, ang rebolusyonaryong kilusang masa at ang lumalawak na nagkakaisang prente para higit pang bumwelo at magkamit ng mga breyktru itong 2006 at mga darating pang taon.

Sa nagdaang taon at laluna sa huling kwarto, tumampok ang mga tagumpay sa larangan ng armadong pakikibaka bunsod ng pagbwelo ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa. Kaalinsabay nitto, nagkamit ng malaking tagumpay sa pagsusulong at pagpapalawak ng nagkakaisang prente sa pakikibaka para ibagsak ang bulok at brutal na papet na rehimeng Arroyo. May malalaking pagunlad rin sa pagkilos ng ligal na demokratikong kilusang masa. Kailangan na lamang nitong higit pang makabwelo hanggang kakayanin na ni-



tong ibagsak ang kinimumhiang rehimeng Arroyo.

Sa taong ito, inaasahan nating makakamit ang mas malalaki pang tagumpay at breyktru sa iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Mahigpit ang panawagan ng

Partido sa buong kasapihan, sa hukbong bayan at sa buong rebolusyonaryong kilusan na sistematikong buuin ang mga pagbabalak at ubos-kayang mag-ambag upang sumulong nang malaki at mas mabilis ang rebolusyonaryong kilusan. Umiiral ang

Mga tampok sa isyung ito...

30 armas, nasamsam ng BHB sa Leyte

PAHINA 3

Tuloy ang pakikibaka sa Hacienda Luisita

PAHINA 6

Kampong maka-Arroyo, nabibiyak

PAHINA 8

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*